

Delridge Way SW - RapidRide H Line Project



Delridge Line




Kami ay bumubuo ng mas maayos na kalsada ng bus sa Delridge Way SW upang maghanda para sa bagong RapidRide H Line sa paparating na 2021. Ibig sabihin ay ginagawa namin ulit ang mga bahagi ng kalsada, ganap na pinapalitan kung papano ang mga lane ay nakaayos o nakalatag, at ginagawa ang mga koneksiyon sa paglalakad/bisikleta upang makakuha ng mas magaling na serbisyo sa bus ng ligtas.

Ang RapidRide H Line ay magtataas ng antas sa kasalukuyang Route 120, na isa sa mga pinaka-abalang ruta ng King Country Metro at magpa-palawak sa North papuntang South Lake Union ng layo. Ang mga bus ng RapidRide ay dadating ng mas madalas at mas maaasahan, habang nagdadagdag ng serbisyo sa gabi at tuwing (weekend) Sabado, Linggo. Ang pinalawig na linya ay magbabawas ng oras ng pagbi-biyahe ng 10-15% sa pagitan ng South Lake Union at Burien.

Sa kasalukuyan, 34% ng sambayanan sa kahabaan ng ruta ay mga walang kotse, na kung saan nagiging napaka-kritikal na paraan ng mga tao ang transportasyong pang-publiko para makarating sa trabaho, eskwela, mga aktibidad at mga mahahalagang serbisyo. Bandang 2035, tinatantiya namin ang arawang pagsakay ng RapidRide H ay madagdagan ng mula 5,200 hanggang sobra pa sa 7,000 kada araw.

Ang syudad ng Seattle ay nakikipag-tambalan sa Metro sa pagtatayo ng Delridge Way SW at gagawa ng mga pagpapabuti para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, at sumasakay ng transit. Kasama na rito ang pagkukumpuni ng mga napinsalang kalsada, pagpapaganda para sa mga taong naglalakad, at magdadagdag espesyal na signal ng lane o daanan ng bus upang makatulong sa pagiging priyoridad o karapatang mauna ng transit.

Palatuntunan ng proyekto



RapidRide

Ang Public transit ay isang importanteng bahagi upang matugunan ang ibat-ibang pangangailangan ng ating napakabilis na lumalaking rehiyon. Ang syudad ng Seattle at King County Metro ay nagta-trabaho upang mapalawak ang network o ayos ng RapidRide transit upang matugunan ang lumalaking panga-ngailangan sa transit at suporta sa paggamit ng sasakyang pang-publiko na maaasahan, mabilis at nasa tamang oras.

Ang RapidRide bus ay maghahatid sa inyong destinasyon ng mas mabilis. Mas marami ang pagtakbo at mas kaunti ang paghinto, ang mga bus only lane, ganundin ang mga priority bus signal, at pagpapabuti sa kalsada ay nakakatulong. Ang mga bus ay may gamit na tatlong set ng pintuan para sa lahat ng pintuan na ginagamit para sa pagsakay at pagbaba. Ang mga ORCA card readers ay matatagpuan sa mga hintuan para sa madaling pag-babayad at impormasyon para sa tamang oras ng pagdating upang malaman ninyo ng eksakto kung kailan ang dating ng susunod na bus.

Mga Benepisyo ng RapidRide

Ang RapidRide H Line ang papalit sa kasalukuyang Route 120, na isa sa mga pinaka-abalang ruta. Ang mga bagong estasyon ng bus ay pagla-layu-layuin upang mapaganda ang serbisyo na may kasamang bagong shelter, ilawan, ORCA card readers, at display ng eksaktong oras ng pagdating ng bus.

Ang RapidRide H Line ay dinisenyo para matugunan ang mga sumusunod na mga hangarin ng proyekto:

- Pag i-improve o pagpapabuti sa oras ng byahe ng transit at pagkamaasahan sa buong corridor o daanan
 - Asahang mababawasan ang haba ng oras ng pagbi-biyahe ng 10-15%
- Pagpapabuti sa kaligtasan ng mga taong naglalakad, nagbibisikleta at pag-buo ng mga koneksiyon ng transit
 - Kasama ang ang mga upgrade o pagtataas ng antas sa mga rampa sa gilid at pagpapabuti sa koneksiyon sa Neighborhood Greenways
- Pagbabawas sa greenhouse gas emissions
 - Pagpo-promote sa pag gamit ng alternatibong paraan ng transportasyon sa pagmamanehong mag-isa
- Pagbibigay ng serbisyon ng bus na magsi-simula ng maaga at pagbi biyahe ng hanggang gabi araw - araw
 - Mga bus na dumarating kada 10 minuto kahit papano sa mga abalang oras

Delridge Way SW: Mas mahusay na kalsada ng bus

Ang pag-le-levy o pag-iisip ng buwis para sa dolyar ng Seattle ay makakatulong pagsasagawa at pag-iisip kung papano ang Delridge ay magiging para sa bawat isa sa komunidad. Kami ay nakatalaga na maghikayat sa mga tao na mag-lakad at mag-bisikleta sa kapaligiran ng komunidad at sa mga bagong bus stops.

Ang aming mga disenyo sa kalye ng Delridge Way SW ay may mga kasamang:

- Mga bagong bus lane para malampasan ng mabilis ang trapik
- Mga bagong signal ng bus para manguna sa harapan ng linya sa mga pulang ilaw o red light
- Bagong ni-landscape na gitna o median para sa green Delridge at kalmadong trapik
- Bagong art sculptures para sa community placemaking
- Bagong pagpa-platada para sa mas swabeng pagsakay at pang-matagalang kalsada
- Bagong imburnal at mga tubo ng tubig para sa pag-inom at maduming tubig
- Bagong protektadong linya ng bisikleta, tawiran, mga signal para bisikleta/paglalakad, mga neighborhood greenway koneksiyon, ilaw para sa mga taong naglalakad, at pag-ku-kumpuni sa mga gilid ng kalsada para ang mga taong naglalakad at nagbibisikleta ay makalibot sa komunidad at sa kanilang bus ng ligtas at hanggat sa maaaring kaginhawaan
- Pagtanggap ng mga Paradahan - ang bagong disensyo ay magpapalit ng mga ilan-ilang buong bloke ng mga paradahan para makabuo ng espasyo para sa mga bagong bus at daanan ng mga bisikleta
- Paghihigpit sa oras ng pagpaparada sa new peak-only na daanan ng mga bus na kung saan ang mga kotse ay kailangang alisin para magbigay ng daan para mga bus tuwing umaga at gabi sa mga pang-karaniwang araw

Paano kayo napagbigayan-alam tungkol sa proyekto

Simula nung 2015, kami ay nakikipag-ugnayan na sa maraming tao sa komunidad upang ipagbigay alam ang pinaleng disenyo sa pamamagitan ng mga tawag, email, at ang mga sumusunod taktika ng pag-aabot o outreach:

Sobra pa sa **20** open houses at mga pulong na di pormal | **6** na online open houses at surveys | **5** project mailers na ipinadala sa 9,000 address bawat isa


Sobra pa sa **20** briefings sa mga lokal eskwelahan at mga negosyo



- Isinalin na fact sheets sa Arabic, Vietnamese, Spanish, at Somali
- In-language phone calls o mga tawag sa mga business na may pangangailangang wika

Sa kabuuan ng disenyo, nagsagawa kami ng ilang-ilang pagbabago upang makatulong na matugunan ang pangangailangan at mga suhestiyon ng komunidad ng Delridge, kasama:

- Pag-dagdag ng mga traffic diverters sa 26th Ave SW Neighborhood Greenway at sa SW Genesee St at sa SW Brandon St
- Pag-tataas ng antas sa hanay ng pasilidad ng neighborhood greenway at pag-i-imprub sa mga koneksiyon papuntang Delridge Way SW
- Pag-dagdag ng bagong ni-landscape na gitna o median na regular na imi-mintina pagkatapos na matapos ang konstraksiyon
- Paglalagay ng mga tawiran at rektanggal na mabilis na kumikislap na ilaw o rectangular rapid flashing beacon sa SW Hudson St Nagpapahintulot sa pagpa-parada sa mga lane sa "off peak parking in bus-only"




Mga tampok ng Disenyo

Dinisenyo namin ang Delridge Way SW para ibalanse ang pangangailangan ng bawat isa na gumagamit sa corridor o daanan, kung sila man ay nakasakay ng bus, nasa kotse, naglalakad, o nagbibisikleta.

PAGKAKAROON O ANG KASALUKUYANG MERON IMINUNGKAHI

SW Andover St – SW Alaska St



Pagtitingin sa Norte

SW Alaska St – SW Hudson St





Pagtitingin sa Norte

SW Hudson St – SW Juneau St




Pagtitingin sa Norte

SW Juneau St – SW Myrtle St





Pagtitingin sa Norte

SW Myrtle St – SW Holden St



Pagtitingin sa Norte

SW Holden St – SW Cambridge St




Pagtitingin sa Norte

Pinag-iisipang paglalagay ng silungan



SW Andover St



SW Andover St



SW Findlay St

Bisitahin ang aming website para sa proyekto upang makita ang karagdagang mga detalye sa pagpapataas ng antas ng impastruktura para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta at sumasakay ng transit, ganun din ang mga pagbabago sa parking sa kahabaan ng koridor o daanan www.seattle.gov/Transportation/DelridgeTransit

Paghahanda para sa pag-gawa o construction

Naiintindihan namin na ang pag-gawa ay maaring maingay at maraming epekto. Sa pagsa-salang-alang sa komunidad ng Delridge, kami ay nagtalaga ng mga alituntunin upang mabawasan ang maaaring matinding epekto ng paggawa sa komunidad sa aming kontraktor. Ang mga alituntuning ito ay nagmula sa mahigit na apat na taong pakikipagkasundo sa mga bagay na gagawin sa hinaharap sa komunidad ng Delridge. Ang ilan ilan sa mga konsiderasyong yon ay may kasamang:

- Paghahandog ng karagdagang panahon para isalin ang mga importanteng abiso tungkol sa paggawa kagaya ng pagsasara ng nga driveway.
- Pagbabawas o pagli-limita ng trabaho tuwing mga piyesta opisyal o mga holiday at mga cultural festival.
- Paglalagay ng mga pansamantalang tawiran para sa Delridge Way SW sa mga lugar na kung saan ang mga sidewalk o lakaran sa gilid ng kalye ay isa-sarado ng matagal. Ang mga ito ay iilawan, kasama na ang pinintang marka sa kalsada at ito ay maaaring magagamit ng ADA.
- Coordinating utility na paggawa malapit sa Louisa Boren K-8 school.
- Pagdidiin sa patakaran "good neighbor" para sa kontraktor, na kasama ang kalinisan sa lugar at mga konsiderasyon sa lugar ng pag-bubuo o staging area.

Nakatira ka ba malapit sa Delridge Way SW at nais ng mga update o isina-panahon tungkol sa konstraksiyon sa inyong wika?

Kung ikaw ay nakatira sa Delridge Way SW, paki-usap asahan ang pag-gawa sa malapit o harapan ng inyong tahanan. Ang paggawang ito minsan ay haharang sa inyong mga driveway, magsasarado ng mga tawiran, o ito ay mangyayari sa gabi. Kung i-email mo kami kasama ang inyong pangalan, address, at pinaka-mabuting paraan kung papaano ka mako-kontak, maisa-sa-salin ang mga update para sa iyong address at ito ay i-i-email namin sa iyo.

Paki-email kami sa DelridgeTransit@Seattle.gov

Mga Katanungan?

Kung kayo ay may anomang katanungan o komento tungkol sa proyekto wag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin!

Delridge Transit Outreach Team

DelridgeTransit@Seattle.gov | 206-775-8739
www.seattle.gov/Transportation/DelridgeTransit

Anong maaasahan sa panahon ng construction

Habang ang proyekto ay nasa ilalim ng pag-gawa mula tag-araw o summer 2020 hanggang 2022, pakiusap asahan:

- Ang pangkalahatang oras ng trabaho ay mula 7 ng umaga hanggang 7 ng gabi sa pang-karaniwang araw
- Ingay, alikabok, at malalaking truck na trapiko
- Pagbabawal sa pag-pa-parada
- Pang madaliang pag-patay sa daloy ng tubig. Magbibigay ng maagang abiso
- Mga pan-samantalang epekto sa labasan ng sasakyan o driveway
- Pag-gawa sa gabi at weekend para mabawasan ang epekto sa trapik
- Mga ilan-ilang buong pag-sasara sa malalaking interseksiyon pag weekend, Sabado/Linggo
- Mga pang-samantalang pagsasara sa gilid ng kalsada
- Paminsan-minsang pag-lilihis sa daanan ng trapiko o mga detour
- Paglilipat ng mga lane sa paligid ng pag-gawa
- Mga detour sa paligid ng lugar ng paggawa para sa mga taong nag-lalakad at nag-bi-bisikleta
- Mga flaggers o taong may hawak na plag para tumulong sa pagpa-patnubay sa patutunguhan ng trapiko kung kailangan
- Pang-samanantalang mga bus detour at reloksyon ng hintuan

West Seattle High-Rise Bridge Safety Project

Naba-batid namin ang malaking epekto sa West Seattle sa kasalukuyan at kami ay nagta-trabaho sa pakikipag koordina sa West Seattle High-Rise Bridge Safety Project. Kung kayo ay may anomang mga katanungan tungkol sa proyektong ito, makipag-ugnayan sa:

Telepono: 206-684-7623

Email: 684-Road@seattle.gov

The project is funded by KC Metro and SDOT's 9-year Levy to Move Seattle, approved by voters in 2015. Learn more about the levy at www.seattle.gov/LevytoMoveSeattle.